



IMPORMASYON MULA SA NAGANO PREFECTURE

Citizens and Cultural Affairs Dept.
International Community
Support and Passport Office
TEL : 026-235-7173
Email : tabunka@pref.nagano.lg.jp

COVID-19

COVID-19 Vaccine para sa 12-15 Taong Gulang, Posible nang Maiturok

Ang saklaw ng COVID-19 vaccine na isinasagawa ng Nagano Prefecture ay binago ayon sa ibaba.

Sakop/Saklaw

Dating Patakarán) 16 taong-gulang pataas na nakatira sa Nagano
 Bagong Patakarán) 12 taong gulang pataas na nakatira sa Nagano
Dapat samahan ng magulang ang batang 16 taong gulang pababa.



Paraan ng Reserbasyon

- ① Online Appointment System (magpareserba 2 araw bago ng iskedyul ng bakuna hanggang 5pm)
 O sa pamamagitan ng:
- ② Telepono (magpareserba isang araw bago ang iskedyul ng bakuna)

Nagano Ken Wakuchin Sesshu Kaijo Un-ei Jimu-kyoku
 長野県ワクチン接種会場運営事務局 TEL : 026-480-0400
 (9 am-5:30 pm (Sabado hanggang 4:30pm) ※Sarado kapag Linggo · Holiday)

Lugar · Oras

Tingnan ang Homepage ng Nagano Prefecture.

Mga Paalala

- Dalhin sa araw ng bakuna ang vaccination voucher, at ID. (Halimbawa : Resident Card)
Kumunsulta sa munisipyo kung walang vaccination voucher. (Kumunsulta sa munisipyo kung ikaw ay may maikling panahon ng paninirahan, o nabigyan ng permiso ng pansamantalang paglaya.)
- Tingnan ang homepage ng Nagano Prefecture para sa kasalukuyang impormasyon ng pagpapabakuna.
- Posibleng tumanggap ng reserbasyon sa mismong araw kung mayroon pang bakante.
- Kumpirmahin sa munisipyo sa sariling lugar o sa medikal na pasilidad kung nais magpabakuna.



Nagano Prefecture H P



Appointment System

COVID-19

Patuloy rin na Mag-ingat sa COVID-19 ngayong Tag-lamig

Madaling mahawaan ng virus dahil tuyo ang hangin lalo na ngayong paparating na tag-lamig.
 Kailangang patuloy na mag-ingat kapuwa ang nabakunahan na at ang hindi pa nababakunahan.
 Huwag kalimutan ang tamang bentilasyon kahit na tag-lamig upang manatiling masigla hanggang sa matapos ang tag-lamig.



Ang dapat tandaan sa pagsagawa ng bentilasyon at pagpapanatili ng humidity

- Gumamit ng ventilation unit/machine para sa bentilasyon.
- Panatilihin bukas nang bahagya ang bintana (panatilihin ang 18°C pataas na temperatura sa loob ng gusali) para sa bentilasyon.
- Panatilihin ang halumigmig sa loob ng gusali. Gumamit ng humidifier o kaya ay magsampay ng labada sa loob ng bahay. (panatilihin ang 40% na halumigmig)

Trabaho

Magkakaroon ng Online Interview para sa Specified Skill Workers

Ang tanggapan ng Imigrasyon ay magsasagawa ng online interview para sa nagnanais magtrabaho bilang Specified Skill Worker. May interview para sa bawat kategorya ng trabaho at maaaring magkaroon ng pagkakataong matanggap.

Walang Bayad

Iskedyul	Kategorya
Disyembre 6~10, 2021	Building Cleaning, Manufacturing, Accommodation, Food Service Industry
Enero 17~21, 2022	Nursing, Shipbuilding/Marine Industry, Automobile Maintenance, Agriculture, Food Beverage Manufacturing
Enero 26	Construction ※ Get-together Session (Ito ay Hindi Interview)
Pebrero 7~10	Aviation, Accommodation, Fisheries, Food Service Industry
Marso 7~11	Nursing, Agriculture, Food Beverage Manufacturing

Paraan ng Aplikasyon

I-add bilang Friend ang 「SSW Office (事務局)」 at mag-apply para sa 「Iskedyul」 ng interview sa nais na 「Kategorya ng Trabaho」

Para sa pagrehistro ng FRIEND sa LINE →



Recruitment

Nais Mo Bang Mag-Boluntaryo Bilang Interpreter/Translator?

Ang NAGANO KEN KOKUSAI-KA KYOUKAI 長野県国際化協会 (ANPI) na isang public interest incorporated foundation, ay nagkakatap ng mga boluntaryong nais maging isang interpreter/translator at maging tagapamagitan (mediator) ng Hapon at mga dayuhang residente.

Kahilingan sa Pagpatala

- Nakatira o Nagtatrabaho o Nag-aaral sa Nagano Prefecture
- Nakakapagsalita ng Nihongo at nakakabasa ng Hiragana at Katakana

Halimbawa ng Trabaho

- Magsasagawa ng translation o interpretation sa tanggapang pampamahalaan kung kailangan.
- Magiging tagapamagitan ng dayuhan at Hapon sa isang tanggapang dalubhasa sa isang larangan at maaaring tumanggap ng konsultasyon mula sa dayuhang residente.

Contact • Pagpapatala

NAGANO KEN KOKUSAI-KA KYOUKAI (PIIF) 長野県国際化協会 TEL : 026-235-718 6 E-mail : mail@anpie.or.jp

Column

Sa isang salita, paano mo ba mailalarawan ang taong 2021!?

Iniaanunsiyo tuwing Disyembre ng (PIIF) JAPANESE KANJI APTITUDE TESTING FOUNDATION 日本漢字能力検定協会 ang napiling

「KANJI OF THE YEAR 今年の漢字」. (Disyembre 13, 2021 ang anunsiyo) . Ang 「KANJI OF THE YEAR 今年の漢字」 ay

isang kanji na pinipili batay sa pinakamaraming bilang ng entry. Ang mga napiling kanji nitong

nakaraang mga taon ay 「MITSU 密 (2020)」 「REI 令 (2019)」 「SAI 災 (2018)」 . Kung nais mong malaman

ang dahilan, bakit hindi mo subukang magkalap ng impormasyon. Kumusta naman ang inyong nakalipas na taon?

Bakit hindi subukang ilarawan ang iyong naging isang taon sa pamamagitan ng isang salita o kanji!?



Ang 「Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center」 ay tumutugon sa mga konsultasyon tungkol sa pang-araw araw na pamumuhay sa 15 wika. (Walang bayad)

☎26-219-3068 / 080-4454-1899 ホームページ : <https://www.naganoken-tabunka-center.jp/>

